# 1

Sa saliw ng tunog ng mga alon sa dagat, maririnig ang tunog ng camera ni Froilan Marcellano. Naroon siya sa dalampasigan, katabi ang kanyang nakababatang kapatid na si Raven. Mula sa Maynila ay nagbiyahe sila kasama ang kanilang mga magulang sa bayan ng Rosario upang um-attend sa 'libing' ng isa sa kanyang mga pinsan sa ama, si Peter Allen Marcellano. Pinaniniwalaang nalunod ito sa dagat at hindi na natagpuan ang bangkay nito.

Naroon din ang ibang mga kamag-anak niya sa father side, nakikiramay sa kanyang Uncle Patricio at pinsan na si Patrick Vann. Present din ang triplets na pinsan niyang sina Kent, Parker at Wayne na talaga namang iisa ang tabas ng mukha. Naroroon din ang mga anak ng kanyang namayapang Uncle Dominador na sina Luke, JC at Casey.

Matapos kunan ang mga puting lobong pinalipad sa ere ng mga taong naroroon ay ibinaba na niya ang tangang *Canon EOS 5D Mark II* digital camera.

This funeral was giving him a new sense of perspective about life. Napakaikli lamang pala ng buhay. In just one snap, unexpected demise may occur. And it was scaring him na baka lumisan siya sa mundo gaya ng pinsan niya—young, unmarried, did nothing but worked and pleased everybody. He wondered kung naging masaya ba ito sa maikling buhay nito.

Magse-second year college lang siya. Bata pa siya kung tutuusin, pero naiplano na niya ang gustong gawin sa buhay. He would not let his life go to waste. Sisikapin niyang mamuhay nang marangal, succeed in his profession, get married…

---

Get married.

*Kailan kaya naman ako ikakasal?* tanong sa isip ni Aki habang naglalakad patungo sa altar. Kasal ng Tito Robert niya nang araw na iyon at siya ang isa sa mga bridesmaids. Thirty-seven years old na ang kanyang tiyuhin, akala nga niya ay hindi ito makakapag-asawa. Pero heto na ito ngayon, naghihintay sa altar sa bride nitong si Betty.

Gusto niyang matawa sa sarili. Ano ba naman itong naiisip niya? Ngayon lang yata iyon sumagi sa utak niya, ang posibilidad na mag-asawa. Nah, matagagalan pa siguro iyon. Bata pa siya. Isa pa, marami pa siyang pangarap sa buhay. Gusto niyang magtagumpay sa anumang propesyong papasukin niya someday. Gusto niyang tulungan ang kanyang lolo't lola na siyang nagpalaki sa kanya para makatikim naman ng ginhawa ang mga ito bago pumanaw sa mundo.

Ang Lolo Pedrito at Lola Bonifacia ang nagpalaki sa kanya. Bata pa siya noon nang sabay na mamatay sa aksidente ang kanyang mga magulang. Nabangga ang sinasakyang pampasaherong jeep ng mga ito. Wala siyang mga kapatid. Actually, ang Tito Robert

na niya ang parang naging older brother niya.

Dumating ang isa sa mga kaibigan niya sa high school sa reception ng kasal, si Bill. Labindalawa silang magkakabarkada noon. Nang magtapos sila ay naghiwa-hiwalay na sila ng landas. Wala na sa kalahati sa mga ito ang nakaka-communicate niya. Lalo pa at sa Maynila siya nag-aaral ng Computer Science.

"Wow, Aki! Ang ganda mo rin pala pag nadamitan ka ng bestida!" kantiyaw ni Bill. Mataman itong nakatingin sa kabuuan niya habang naglalakad siya palapit sa mesang kinaroroonan nito. Tinging nagbigay naman ng kilig sa kanyang pakiramdam.

Matagal na niyang crush si Bill. At parang nararamdaman niyang the feeling was mutual, kaso parang idinadaan lang nito sa biro ang pagkagusto sa kanya. Walang taluhan sa barkada, iyon ang agreement nilang magkakaibigan. Kaya siguro hindi na nag-pursue pa si Bill na ligawan siya. But what the heck? Wala iyon sa kanya, ang pagpasok sa isang relasyon ang pinakahuling plano niya sa buhay.

Tangan ang platong puno ng pagkain galing sa buffet table ay umupo siya sa harap ng kaibigan.

"Kumusta na ang Manila girl?" hirit uli nito.

Pabiro niya itong tinapunan ng irap.

"'Antagal ding hindi tayo nagkita, ah," dagdag pa nito.

"Bakit, na-miss mo ako?" nakangiting tanong niya.

“Oo,” sagot naman nito. “Wala ka kasing cellphone, di tuloy kita ma-text.”

Hindi niya napigil ang mapabuntong-hininga. Ni second-hand cellphone, wala siyang pambili. Nakakainis na rin minsan ang maging mahirap! “’Nga pala, may balita ka ba sa ibang friends natin?” tanong niya na lang dito.

Nagkibit-balikat ito. “Tatlo na lang sa kanila ang nakaka-text ko, eh.”

“Nakakalungkot naman. Dati sa high school, halos magkakadugtong ang mga bituka natin, parang walang anumang makakapaghiwalay sa atin. Pero heto na tayo ngayon, may kanya-kanya nang lakaran…”

“Well, ganoon talaga ang buhay, Aki. Pero okay lang, at least, tayo pa ring dalawa, di ba?”

Pinagtaasan niya ito ng kilay sa huling sinabi nito.

Nagkamot ito ng batok. “I mean, tayong dalawa eh, magkaibigan pa rin.” Itinuloy na nito ang pagkain.

Pasulyap-sulyap siya sa mukha nito habang kumakain. *Lalong gumuwapo yata ang loko!*

She has always adored his chinito eyes and his mestizo complexion. Napakalinis nitong tingnan, lalo pa ngayong naka-semi formal attire ito.

Nang matapos ang reception ay inihatid na niya sa labas ng bakuran nila si Bill.

"Paano, Aki? Hanggang sa muling pagkikita," paalam nito sa kanya. Hinawakan pa nito ang kanyang kamay.

"O-okay, Bill." Napaigtad siya nang pisilin nito ang palad niya.

"You really look beautiful, you know," mahinang sabi nito, titig na titig sa kanyang mukha.

Ramdam niyang nag-blush ang magkabilang-pisngi niya. Binobola ba siya nito? She was only wearing a simple canary yellow gown at halos hindi halata ang kanyang makeup. Ipinagpilitan niya kasi sa nag-ayos sa kanya na ayaw niya ng makapal na pintura sa mukha.

Well, siguro hindi lamang sanay ang binata na makita siyang nakaayos. Normally kasi, jeans and t-shirts lamang ang outfit niya. Actually, one of the boys siya sa barkada. Mas close sa kanya ang mga lalaki sa barkada niya kaysa sa mga girls. Hindi raw kasi siya maarte.

"Thank you," mahinang sambit niya. Parang ayaw bitawan ni Bill ang kamay niya. "B-Bill, dumidilim na, kailangan mo nang umuwi."

"O-oh," parang natauhang sambit nito sabay bitaw sa palad niya. "Okay, Aki. I have to go then," nakangiti nitong paalam saka

naglakad papunta sa nakaparadang motorbike nito.

Nangingiti siyang naglakad pabalik sa bakuran nila.

So the feeling could be mutual, huh? Pero seryoso naman kaya si Bill sa damdamin nito sa kanya? Or was it just physical attraction or an infatuation?

Hindi niya alam. Masyado yatang mataas si Bill para sa kanya. May-kaya ang pamilya nito sa San Felipe. At matalino pa. Ito ang kanilang valedictorian noong magtapos sila sa high school.

Napailing na lang si Aki. Ano ngayon kung in love pa sa kanya si Bill? Wala talaga siyang panahon sa pag-ibig. Wala iyon sa listahan ng mga planong gagawin niya sa kanyang buhay. Kung mayroon man, iyon ang pinakahuling nakalista.

---

Halos hilahin ni Aki ang mga paa sa paglalakad patungo sa munting office space para sa staff ng school paper ng kanilang unibersidad. Siya ang editor-in-chief niyon at marami pang nakatambak na mga submissions na kailangan niyang i-proofread.

Kagagaling niya lang sa kanyang last subject noong hapong iyon. Halos wala siyang maalala sa lecture ng kanyang professor. Paano, okupado ang utak niya ng problema. Monetary problem, actually.

*What's new?* Mula nang magisnan niya ang mundong ito, pera na ang pangunahing tagapagbigay sa kanya ng sakit ng ulo.

Kung bakit kasi hindi siya ipinanganak na mayaman…

She despondently sighed. Napakagat-labi siya bago naupo paharap sa kanyang maliit na mesa. Ini-on niya ang computer ngunit lumipas ang ilang saglit, wala siyang ibang nagawa kundi tumitig sa animated waterfalls screensaver ng kanyang monitor.

"Aki…"

Nanatili lamang siyang nakatulala, nakasalumbaba, hindi pansin ang nagsalita sa kanyang likuran.

"Jackielyn Dimagiba!" halos bulyaw nito sa kanya.

Noon na siya napaigtad at tila nagbalik sa mundo ang kanyang balintataw.

Lumingon siya. "Elisha, ikaw pala," bati niya rito.

"Ano ba'ng nangyayari sa 'yong bruha ka?" tanong nito. Umupo ito sa isa pang maliit na mesa roon.

Si Elisha ang literary editor ng school paper. Isa rin itong baguhang Tagalog romance pocketbook writer ng isa sa mga nangungunang publication companies sa bansa, ang *Love Gems Publishing.*

"Kanina ka pa tulala sa computer, ah," dagdag nito. "May problema ba, Aki?"

Laylay ang balikat na tumango siya. "Elisha, alam mo naman kung ano lang ang pinuproblema ko sa masaklap kong buhay na

ito."

"Pera," iiling-iling na anito.

"Mismo." Two months nang delayed ang bayad niya sa tinutuluyang boarding house sa Manila. Hindi kasi nakapagpadala ang kanyang lolo't lola na nasa probinsya. Nagamit daw ng mga ito ang pera sa pagbili ng pataba para sa lupang sinasaka. Hindi naman sumama ang loob niya sa mga ito. Of course, kailangang unahin ng mga ito ang bukid. Iyon lang ang source of income ng kanyang pamilya.

"'Yaan mo, pag binayaran na ako ng *LGP* sa latest manuscript ko, ipapautang ko sa 'yo ang kalahati."

Tumanggi siya. "You don't need to do that, Elisha." Hindi rin masyadong angat sa buhay ang pamilya nito. Parehas lang niya itong nakakuha ng scholarship sa IT university na pinapasukan nila.

"Ano'ng gusto mong mangyari, palayasin ka sa boarding house n'yo?"

"Susubukan ko uling makiusap. Next month, magpapadala sa akin ng pera ang asawa ng tito ko sa Singapore, madami din akong sisingilin sa mga pautang ko sa *Avon*." *Kapag hindi, bahala na si Batman!*

Ganoon naman lagi ang nangyayari sa kanya pagdating sa problema sa pera. At the last minute, laging may tulong na

dumarating. Kaya naman hindi pa siya nawawalan ng pag-asa sa buhay. Indeed, Dimagiba nga siya. Hindi siya kayang igupo ng kahit anong problema.

"Gusto sana kitang patirahin sa bahay nang libre pero alam mo naman na madami kami doon. Nakapisan pa rin sa amin ang kuya ko at ang family niya."

"Okay lang, Eli. Salamat sa concern."

Mayamaya pa ay hinarap na niya ang computer. Ini-encode naman ng kasama sa sarili nitong laptop ang mga literature entries na nai-edit na nito.

Mabuti pa ang kaibigan niya, nakabili ng second-hand laptop mula sa katas ng pagsusulat nito ng mga nobela. Samantalang siya, antigong typewriter ang gamit niya sa tinutuluyang boarding house. Mabuti na lang at may computer sa office ng kanilang school paper. Nagagamit niya iyon sa pag-e-encode ng mga paperworks niya sa school. Iyon actually ang main reason kung bakit siya nagtitiyaga sa pagiging editor ng school paper. Malaking tulong sa kanya ang computer.

Naisara na niya ang PC at naghahanda na ring umalis si Elisha nang pumasok doon ang official photographer ng school paper, si Froilan Marcellano.

"Hey!" nakangiting bati nito sa kanila.

"Hi, Froilan!" masayang bati ni Elisha rito.

"Late na ba ako?" kakamot-kamot sa ulong tanong sa kanya ni Froilan. May hawak itong CD na naglalaman ng mga kuha nitong larawan na gagamitin para sa monthly issue ng kanilang school paper.

"Okay lang, titingnan ko na lang 'yan bukas," sabi niya sabay kuha sa CD.

Madilim na ang paligid nang lumabas silang tatlo sa unibersidad. Walking distance lang ang bahay ni Elisha mula roon, sa gate sa likod ng eskuwelahan ito lumabas. Siya naman, kailangan niyang mag-tricycle para makauwi sa boarding house. O, baka maglalakad na lamang siya ngayon pauwi para makatipid sa pamasahe.

Naramdaman niya ang pagkalam ng kanyang sikmura. Anak ng tipaklong! Hindi pala siya nag-lunch ngayong araw!

Nagbuga siya ng hangin. Ano na naman kaya ang lulutuin niya sa boarding house? Itlog? Sardinas? Instant noodles? Gusto na niyang masuka sa mga naisip na pagkain. Halos three years na niyang paulit-ulit na kinakain ang mga iyon sa boarding house. Iyon lang naman kasi ang kadalasang kaya ng budget niya. Nakakakain lang siya ng masarap pag nakakomisyon na siya sa pagdi-direct selling ng *Avon*. Pero hindi madalas mangyari iyon. Madami kasi siyang pinapautangang barat magbayad.

"Kumain ka na ba?"

Napatigil siya sa paglalakad palabas ng front gate ng school.

Lumingon siya sa nagsalita. Nakasunod pala sa kanya si Froilan. "Hindi pa," sagot niya rito.

"'Lika, kain tayo," yaya nito. "My treat."

"Huwag na, Froilan. Sa boarding house na lang ako kakain."

"I insist. Bayad-atraso ko sa pagka-late kanina. Saan mo gustong kumain?"

Bagaman nahihiya ay pinairal niya ang pagiging praktikal. Libreng pagkain iyon, dapat sunggaban lalo pa't krisis! "O-okay. Kain na lang tayo diyan sa turo-turo sa tapat."

Nang makarating sila roon ay noon nagsisi si Aki na hindi sa *McDonald's* o sa *Jollibee* niya niyaya si Froilan. Hindi na niya matandaan kung kailan siya huling nakakain ng mainit at malutong na fried chicken.

Pero diyahe namang abusuhin ang kabaitan nito. Isa pa, hindi naman sila nito close. Ni hindi niya gaanong alam ang background nito. Ang alam lang niya ay kumukuha ito ng B.S. Information Technology at magaling ito sa photography. Bata pa lang daw ito noong unang nagkaroon ng public exhibit. Iyon lang ang tanging alam niya tungkol sa buhay nito—that, at ang pagiging single nito. Wala siyang oras pakialaman ang buhay ng ibang tao. Isa pa, hindi naman sila gaanong nag-uusap ni Froilan.

"Thank you, ha?" aniya rito nang matapos silang kumain. May pina-take-home pa ito sa kanya. Nakakahiya na tuloy.

"Okay lang," nakangiting sabi nito.

Guwapo na sana ang kolokoy na ito. Kaso, babyface. Mukhang nasa high school pa, to think na magkaedad lamang sila. Mukha pa talagang Totoy. His big eyes had this innocent look on them. Napakaamo rin ng mukha nito, parang sa bata talaga. Napaka-wholesome ng image nito, mukhang sakristan!

Dahil sa panlilibre ni Froilan sa kanyang hapunan, nakasakay siya ng tricycle pauwi sa tinutuluyan.

Little did she know, iyon na ang umpisa ng kanilang pagkakaibigan.